

Ang listahang ito ng impormasyon ay para sa mga bumoboto sa buong California **maliban sa** mga probinsya ng Amador, Butte, Calaveras, El Dorado, Fresno, Los Angeles, Madera, Mariposa, Napa, Nevada, Orange, Sacramento, San Mateo, Santa Clara, at Tuolumne.



**PANGUNAHING
ELEKSYON NG
CALIFORNIA SA 2020**

Martes,
Pebrero 18,
2020

Petsa ng Katapusan ng
Pagpaparehistro ng Botante para sa
Pangunahing Eleksyon

Martes,
Marso 3,
2020

Pangunahing
Eleksyon

Alamin ang Inyong mga Karapatan sa Paboto

Pwede ba Akong Bumoto sa Eleksyong Ito? Paano Ako Magsisimula?

Para makaboto sa isang eleksyon, kailangan muna ninyong magparehistro para makaboto! Pwede kayong magparehistro para makaboto kung kayo ay:

- isang mamamayan ng U.S.;
- isang residente ng California;
- magiging 18 taong gulang o mas matanda sa Araw ng Eleksyon;
- hindi kasalukuyang nakakulong o naka-parole dahil nahatulan kayo para sa isang krimen; at
- hindi itinuturing ng hukuman bilang “hindi sapat ang kakayahan ng pag-iisip.”

Paano Ako Magpaparehistro para Makaboto?

Ang petsa ng katapusan ay 15 araw bago ang eleksyon: **Martes, Pebrero 18, 2020.** Pwede kayong magpaparehistro:

- online sa www.registertovote.ca.gov;
- sa DMV, sa post office, library, o sa tanggapan ng eleksyon ng inyong probinsya; o
- sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 345-VOTE (8683) para mag-request ng form para sa pagpaparehistro ng botante, na dapat maipadala sa koreo bago dumating ang ika-18 ng Pebrero. Wala nang selyo na kailangan!

Paano Kung Makaligtaan Ko ang Petsa ng Katapusan ng Pagpaparehistro ng Botante?

Walang problema! Pwede pa rin ninyong gamitin ang “pagpaparehistro ng botante sa mismong araw” sa isang presinto sa Araw ng Eleksyon. Makakakuha kayo ng form ng pagpaparehistro ng botante at isang balota na sasagutan ninyo sa naturang pagkakataon. At dahil dito, ang pagpaparehistro bago ang petsa ng katapusan ay katiyakan na kayo ay makakatanggap ng mga makakatulong na dokumento tungkol sa kung ano ang nasa balota, sa pamamagitan ng koreo bago ang Araw ng Eleksyon.



Ika-19 ng
Pebrero
- ika-2 ng
Marso

Pumunta sa tanggapan ng eleksyon ng inyong probinsya para magparehistro at para bumoto. Hanapin ang adres ng inyong tanggapan ng eleksyon dito: www.sos.ca.gov/county-elections-offices.

Ika-3 ng
Marso
(Araw ng
Eleksyon)

Pumunta sa kahit anong presinto sa inyong bansa para makapagparehistro at makaboto. Kung gusto ninyong bumoto sa lahat ng lokal na eleksyon, subukang pumunta sa isang presintong malapit sa inyong bahay. Ang ilang bansa ay may online tool na nagbibigay-daan sa inyong matukoy ang pinakamalapit na presinto sa inyo.

O kaya, pwede kayong tumawag at magtanong. Hanapin ang numero ng telepono ng inyong tanggapan ng eleksyon dito: www.sos.ca.gov/county-elections-offices.

Paano Kung Hindi Ko Alam Kung Nakarehistro na Akong Bumoto?

Tingnan online para makita kung kayo ay nakarehistro sa voterstatus.sos.ca.gov. O kaya naman, pwede kayong magparehistro ulit. Kailangan ay palagi kayong magparehistro ka ulit kung binago ninyo ang inyong pangalan, adres, o politikal na partido.arty.

Kailangan Ko bang Pumili ng Partidong Politikal?

Hindi. Kung gusto ninyong maging independiyente, pwede kayong magparehistro sa “No Party Preference” o iwanang blangko ang seksyong iyon. Mag-ingat! Ang pagpaparehistro sa American Independent Party ay hindi pareho sa pagpaparehistro bilang isang independiyente.

Kung kayo ay nagparehistro kamakailan o muling nagparehistro para makaboto sa DMV, ang pinili ninyong partido ay maaaring nagbago nang hindi sinasadya. Gamitin ang voterstatus.sos.ca.gov para matiyak ang preperensyang ito at magparehistro ulit kung mali ito.

Ang listahang ito ng impormasyon ay para sa mga bumoboto sa buong California **maliban sa** mga probinsya ng Amador, Butte, Calaveras, El Dorado, Fresno, Los Angeles, Madera, Mariposa, Napa, Nevada, Orange, Sacramento, San Mateo, Santa Clara, at Tuolumne.

Ako ay isang Botante na “No Party Preference.” Paano ako Boboto para sa isang Kandidato Sa Pagkapangulo?

Ang default na balota para sa mga botanteng No Party Preference (NPP) ay walang mga kandidato para sa pagkapangulo. Ang mga botanteng NPP ay kailangang magsagawa ng ilan pang hakbang para makaboto sa pangunahing eleksyon sa pagkapangulo.

Para makaboto sa mga pangunahing eleksyon ng American Independent, Democratic, at Libertarian Party:

- **Kung kayo ay boboto sa pamamagitan ng koreo**, dapat ay nakatanggap kayo ng postcard na nagtatanong kung gusto ninyong mag-request ng balota para sa isa sa mga partido kung saan pwedeng lumahok ang mga botante sa kanilang mga pangunahing eleksyon. Pwede rin kayong tumawag, mag-email, o mag-fax sa tanggapan ng eleksyon ng inyong probinsya para sabihin ang request na ito, o dalhin lang ang inyong vote-by-mail na balota sa inyong presinto at ipagpalit ito para sa isang balota na may mga kandidato para sa pagkapangulo.
- **Kung kayo ay boboto sa isang presinto**, pwede kayong humingi sa kinatawan doon ng balota na naglalaman ng mga kandidato sa pagkapangulo kapag nag-check in na kayo.

Para makaboto sa mga Pangunahing Eleksyon ng Green, Peace and Freedom, at Republican Party:

- **Kailangan ninyong magparehistro ulit** para makaboto at makapili ng gustong partido para sa isa sa tatlong partidong ito para makatanggap ng balota na may mga kandidato sa pagkapangulo. Kung lumipas na ang petsa ng katapusan ng pagpaparehistro, pwede ninyong gamitin ang pagpaparehistro ng botante sa mismong araw sa pamamagitan ng Araw ng Eleksyon. Pwede kayong magparehistro ulit pagkatapos ng eleksyon para makabalik sa No Party Preference.

Paano Ako Boboto sa Pamamagitan ng Koreo?

Pwede kayong mag-sign up para makaboto sa pamamagitan ng koreo kapag nagpaparehistro para makaboto. Ang tanggapan ng eleksyon ng probinsya ay magpapadala sa inyo ng balota sa koreo bago ang Araw ng Eleksyon. Pwede kayong bumoto sa balotang iyon, ilagay ito sa kasamang sobre, at ihulog ito sa koreo. Wala nang selyo na kailangan!

Kung nakarehistro na kayo, pwede kang mag-download ng vote-by-mail application sa sos.ca.gov/elections/voter-registration/vote-mail.

Paano Ako Boboto sa Araw ng Eleksyon?

Ang araw ng Eleksyon ay sa **Martes, Marso 3, 2020**.
Magbubukas ang mga presinto mula **7 n.u. Hanggang 8 n.g.**

Pumasok sa inyong presinto, hanapin ang pangunahing mesa, at ibigay sa mga kinatawan doon ang inyong pangalan at adres. Kung mas gugustuhin ninyong bumoto gamit ang wikang hindi English, itanong kung mayroon silang mga dokumento na nasa wikang iyon at kung mayroong nagsasalita ng wikang iyon sa mga kinatawan ng presinto.

Saan Ako Pupunta para Makaboto?

Ang nakatakdang presinto para sa inyo ay makikita sa mga dokumentong matatanggap mo mula sa tanggapan ng eleksyon ng inyong probinsya bago ang eleksyon. Pwede rin ninyong hanapin ito rito: sos.ca.gov/elections/polling-place.

Kailangan ko Bang Ipakita ang ID ko Kapag Bumoboto?

Sa halos lahat ng pagkakataon, hindi. Kailangan lang ninyong magpakita ng mga dokumento kung kayo ay bumoboto sa unang pagkakataon at kung hindi ninyo isinama ang numero ng inyong lisensya sa pagmamaneho, numero ng ID ng estado, O Social Security Number kapag nagparehistro kayo para bumoto. Sa sitwasyong ito, maraming dokumento ang tatanggapin. Tumawag nang maaga sa inyong tanggapan ng eleksyon kung nag-aalala kayo.

Pwede ba Akong Magsama para Matulungan Akong Bumoto?

Oo. Pinapayagan kayong magsama ng hanggang dalawang tao sa inyong presinto para matulungan kang bumoto, basta't hindi sila kumakatawan sa inyong employer o unyon. Magsama ng kamag-anak o kaibigan.

Ang listahang ito ng impormasyon ay para sa mga bumoboto sa buong California **maliban sa** mga probinsya ng Amador, Butte, Calaveras, El Dorado, Fresno, Los Angeles, Madera, Mariposa, Napa, Nevada, Orange, Sacramento, San Mateo, Santa Clara, at Tuolumne.

Paano Kung Magkaproblema Ako Habang Bumoboto?



Huwag sumuko! **Sabihin na gagamitin ninyo ang pagpaparehistro ng botante sa mismong araw** para muling makapagparehistro para makaboto. Kung hindi ninyo ito magagawa para sa anumang dahilan, **humingi ng probisyonal na balota**, na balotang bibilangin pagkatapos ng Araw ng Eleksyon kung kokompirmahin ng mga opisyal ng eleksyon ang inyong kwalipikasyon.

O, tumawag sa isa sa mga hotline ng proteksyon ng botante sa Araw ng Eleksyon:

- **866-OUR-VOTE (866-687-8683)** para sa tulong sa English.
- **888-API-VOTE (888-274-8683)** para sa tulong sa English, Mandarin, Cantonese, Vietnamese, Korean, Bengali, Urdu, Hindi, at Tagalog.
- **888-Ve-Y-Vota (888-839-8682)** NALEO Educational Fund toll-free na hotline para sa bilinggwal na English-Spanish.

Ibang Sistema sa Pagboto sa mga Probinsyang may Voter's Choice Act (VCA)

Labinlimang probinsya ang nagpapatupad ng sistema sa pagboto na alinsunod sa Voter's Choice Act: Amador, Butte, Calaveras, El Dorado, Fresno, Los Angeles, Madera, Mariposa, Napa, Nevada, Orange, Sacramento, San Mateo, Santa Clara, at Tuolumne.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pagboto sa mga probinsyang ito, mahanap ninyo ang tamang bersyon ng handout na ito sa advancingjustice-alc.org/know-your-voting-rights.

Makakaboto Ba Ako Gamit ang Ibang mga Wikang Liban sa English?

Iba-iba ang tulong sa wika ayon sa probinsya. Kung kayo ay boboto sa pamamagitan ng koreo, tawagan ang tanggapan ng eleksyon ng inyong probinsya para malaman kung ano ang mayroon sa gusto mong wika sa inyong probinsya. Kung kayo ay boboto sa isang presinto, magtanong kung may mga nakasaling dokumento at kung ang kinatawag naroon ay nagsasalita ng inyong gustong wika. Pwede rin kayong maghanap ng mga karatula sa inyong wika.

Ang mga wika na maaaring inaalok sa inyong probinsya ay: Arabic, Armenian, Assyrian/Syriac, Cambodian/Khmer, Chinese, Farsi, Filipino/Tagalog, Hmong, Ilocano, Korean, Punjabi, Spanish, Vietnamese, Japanese (LA lang), Hindi (LA lang), at Thai (LA lang).

Pwede kayong makakita ng polyeto tungkol sa access sa wika sa pagboto na nagpapaliwanag sa kung anong wika ay mayroon sa inyong probinsya sa: www.advancingjustice-alc.org/know-your-voting-rights/.